**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
***News and Information Bureau***

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY AUDREY GORRICETA**
**MARCH 25, 2022 (11:00 A.M. – 11:51 A.M.)**

**AUDREY GORRICETA:** Magandang umaga, Pilipinas. Sa ngalan po ni PCOO Undersecretary Rocky Ignacio, ako po ang inyong lingkod, Audrey Gorriceta. Ngayong ika-25 ng Marso, araw ng Biyernes, ating makakapanayam ang mga opisyal mula sa iba't ibang ahensiya ng gobyerno upang malaman ang mga impormasyong dapat mabigyan ng pansin at nararapat na tugon. Siksik na naman po ang ating talakayan dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

Ngayong araw, opisyal nang magsisimula ang campaign period para sa mga local candidates sa bansa. Kaya naman tayo ay makikibalita sa ating kapulisan upang malaman ang kanilang mga paghahanda para sa campaign season. Makakapanayam po natin ngayong umaga via phone-patch mula sa National Capital Region Police Office, si Police Lieutenant Colonel Jenny Tecson. Ma'am, magandang umaga po sa inyo. Welcome sa Laging Handa.

**PLTCOL. TECSON:** Magandang umaga po, Sir Audrey. Sa ngalan po ng aming butihing Regional Director ng NCRPO, walang iba kung hindi si Police Major General Felipe R. Natividad ay malugod ko po kayong binabati ng magandang umaga, gayundin po ang ating mga kasamahan diyan sa ating himpilan at ating programang Laging Handa po, sir.

**AUDREY GORRICETA:** Okay. Ma'am, bilang unang ating katanungan, bilang paghahanda sa local campaign season, ilang miyembro ng ating police force ang idi-deploy sa iba't ibang parte ng rehiyon? Ilan ho ba iyong mga assigned per area?

**PLTCOL. TECSON:** Yes, sir. Para po ngayong araw, sir, alam po nating lahat na ito po iyong unang araw po ng pagsisimula po ng campaign period for locally elected position, sir, kung kaya't ang ating pamunuan ng NCRPO po ay nagtalaga po nang mahigit 4,000 personnel po para nga po dito sa iba't ibang programa ng campaign activities dito sa nasasakupan po ng ating rehiyon.

Pero wala po tayong specific na numero ng ating mga personnel na nakatalaga sa bawat lugar gawa nang magdidepende po kasi tayo, sir, sa number ng mga attendees ng ating mga supporters ng mga kandidato po natin. If there's a need for us to add more personnel sa isang lugar ay nagli-leapfrog po iyong ating personalidad na nasa isang lugar po, sir.

So, as of the present, sir, ay may mga monitored po tayong nagku-conduct po ng kanilang mga programa. At sa ngayon, sir, ay nakita naman po natin na peaceful pa rin po iyong mga nangyayaring aktibidades ng ating mga kandidato po.

**AUDREY GORRICETA:** Okay. Para po magkaroon ng idea iyong ating mga tagapanood, maaari ninyo po bang ibahagi sa amin kung ano iyong mga ginagawang paghahanda na isinasagawa ng bawat miyembro ng kapulisan para masigurong magagawa nila nang maayos at ligtas ang kanilang tungkulin?

**PLTCOL. TECSON:** Noong nakaraang araw, sir, ay nagpalabas po ang ating [unclear] ng ating press release that the NCRPO assures the public that the police force is ready and [unclear] to patrol and monitor their area of responsibility, sir. The NCR is composed of five districts, sir – ang ating Southern Police District, Manila, Quezon City, Eastern at ang Northern, sir. Kung kaya't tayo ay naglatag ng ating mga personnel upang sa gayon, sir, sila ang magsilbing … mag-secure sa ating mga kandidato, hindi lang po sa ating kandidato, sir, maging sa kanilang mga supporters at siyempre po iyong mga kababayan po natin na puwedeng pumunta po sa lugar upang manood – iyong mga usyusero po, sir, na pumupunta sa mga pagtitipun-tipon.

Maliban po diyan, sir, ay hindi lang po tayo naka-focus actually, sir, sa ating mga campaign activities kung hindi naglagay din po tayo ng mga personnel din po natin para naman po sa ating anti-criminality, sir, dahil itong mga activities na ganito ay ina-anticipate natin or talagang nandiyan na rin, sir, iyong ating talagang pinaghahandaan dahil baka ito ay gawing … mag-take advantage iyong ating mga kababayan na gumawa nang hindi po maganda, at iyan po ang ayaw po nating mangyari na mayroong mabiktima rin po ng krimen or kung ano pa mang mga insidente na hindi po maganda.

So, maliban po diyan, sir, bagaman tayo po ay nasa Alert Level 1 at, iyon nga po, pinapayagan iyong hundred percent capacity at hindi na nga po kailangan na mag-secure iyong ating mga kandidato ng permit sa ating Comelec at iyan ay naka-rely na lang po sila doon sa ating lokal na pamahalaan ay nandiyan din po ang kapulisan, sir, to make sure that the minimum public health standard ay naiimplementar pa rin po nang maayos, sir. Kumbaga, tsini-check pa rin po natin kung iyong … lalung-lalo na, sir, iyong pagsusuot ng facemask ay talagang sinusunod po ng ating mga kababayan dahil, iyon nga po, gaya ng sinabi ko kanina, sir, hindi po ito iyong rason na iyong pagbaba ng datos natin dito sa ating COVID-19 case ay magiging batayan na rin po natin para mag-relax at hindi po sumunod doon sa mga pinapatupad ng ating mga nangungunang ahensiya lalung-lalo na nga po, sir, dito sa minimum public health standards, protocol na iyong pagsusuot po ng facemask.

Dahil maging po sa ating kapulisan ay talagang sinusunod pa rin po natin iyan dahil iniisip pa rin po natin lagi, sir, na baka tayo ay makapanghawa or tayo ay mahawaan. So ayaw po natin na mangyari iyan, na magkaroon po ulit ng panibagong pagtaas ng mga kaso ng COVID-19 case.

**AUDREY GORRICETA:** Ma'am, binanggit ninyo po iyong mga untoward incidents o aberya, ano po bang mga major na aberya ang iniiwasan nating ma-encounter during the campaigns? At sakali mang mangyari ito, ano po ang gagawing aksyon ng ating police force upang ito ay malutas?

**PLTCOL. TECSON:** May mga lugar, sir, talaga na hindi natin maitatanggi na minsan kapag may mga ganiyang pagpupulong, iyong mga kampaniya, sir, ay talagang magkakaroon po tayo, sir, ng traffic congestion, sir, magkakaroon ng traffic. So nandiyan po iyong ating local police para po magmando sa traffic management and control. Iyong iba naman po, sir, talagang nandiyan po sila as perimeter security doon po sa lugar kung saan po mayroong activity upang sa gayon, sir, ma-check kung may mga nakapasok po na mga masamang loob, sir, para mag-take advantage sila para doon sa kanilang nefarious activities. Dahil siyempre po, sir, kapag medyo nagsiksikan, medyo maraming tao, sir, ang tendency ay nandiyan iyong mga opportunities, sir, na mayroon iyong mga snatching, nandiyan iyong mga pandurukot ng mga kagamitan or kung anumang mga bagay-bagay sa bawat isa.

So iyan po ang ayaw nating mangyari kung kaya't nandiyan din po iyong ating kapulisan para sa gayun, sir, kung sakaling may mga mangyaring ganiyan, mayroon din kaagad magresponde doon sa mga kababayan natin na maaaring mabiktima po.

**AUDREY GORRICETA:** Ma'am, nagpatupad po ba ng reshuffle para masiguro iyong police force po natin ay hindi magagamit sa pulitika?

**PLTCOL. TECSON:** Actually, sir, bago pa po tayo nagkaroon nitong ating mga campaign period or ito nga po, last year pa po, sir, ay talagang inaalam na po natin iyong ating mga police personnel na may mga tumatakbong kamag-anak. Halimbawa po, sir, let's say, sir, sa Makati, mayroon tayong pulis diyan na naka-assign na mayroong tumatakbong kamag-anak, ang atin pong unang ginagawa diyan, sir, is i-reassign siya sa isang lugar na hindi po diyan kung saan siya ngayon kasalukuyang naka-assign para po hindi siya makaimpluwensiya. At siyempre po, ang tinitingnan kasi natin dito, sir, bilang alagad ng batas, we should remain apolitical or nonpartisan, sir, na hindi po tayo puwedeng sumawsaw or makipag-join sa anumang aktibidades ng ating mga kandidato po, sir.

**AUDREY GORRICETA:** Okay. Ma'am, bukod po sa pagsisiguro ng isang mapayapang eleksyon ngayong taon, saan pa po nakatutok ang ibang miyembro ng kapulisan?

**PLTCOL. TECSON:** Kagaya nang sinabi ko, sir, hindi lang po tayo naka-focus dito sa ating campaign period kung hindi tayo rin po ay naka-focus din sa ating mga anti-criminality operations. Kumbaga, hindi pa rin po natin iyan pinapabayaan, sir, dahil unang-una, sir, nasa election period tayo, sir, kaya iyong ating pagpapatupad ng ating checkpoint at iba pang mga police operations ay nandiyan pa rin po, sir.

At iyon nga, sir, ang kagandahan, sir, dahil nga po dito sa pagpapatupad natin, sir, ng checkpoints na nag-umpisa po noong January 9 up to the present, sir, masasabi po natin na marami na rin po tayong mga nahuli or naaresto at nari-recover na mga baril sa mga tao na hindi po awtorisado. At malaking tulong po iyon, iyong pagkakaroon po natin, sir, ng checkpoint kasi po natsi-check natin iyong mga pumapasok at lumalabas na mga kababayan natin. At siyempre po, bagaman may mga restrictions po tayo diyan, sir, dahil hindi nga tayo puwedeng magkalkal or in plain view lang, sir, iyong pagtsi-checkpoint natin lalung-lalo na sa

mga sasakyan, sir. Hindi natin puwedeng sabihin sa may-ari na buksan mo iyan unless there's a reason to believe, sir, na iyong dumaan na sasakyan or motorsiklo ay may dala at iyan ay mayroon tayong basehan na iyong dumaraan na sasakyan ay may dala, that's the time, sir na puwede natin siyang buksan, pabuksan sa may-ari po, sir. Pero kung iyong wala naman, sir, at iyong ano, sir, iyong usual na ginagawa natin, sir, pinapadaan po natin, nagiging [unclear] at sinasabi lang natin na part lang po iyon ng pag-i-inspect. So plain view lang, sir, hindi natin puwedeng buksan iyong kanilang mga [unclear] or pababain sa [unclear].

**AUDREY GORRICETA:** Okay. Ma'am, kukumustahin ko lang iyong lagay ng crime rate dito sa atin sa Metro Manila mula nang magsimula iyong Alert Level 1?

**PLTCOL. TECSON:** Masasabi natin, sir, na talagang mayroon naman po talagang pagtaas, sir, nang bahagya iyong ating crime incident dito sa Metro Manila, sir, mula noong nag-Alert Level 1, sir. At hindi naman po natin iyan tinatanggi, Sir. At kalimitan, Sir, karamihan sa mga insidente na ating na-encounter ay iyong ating mga nangyayari sa loob po ng mga establisyemento na kung saan ang mga pulis natin ay hindi po nila control.

**AUDREY GORRICETA:** Okay. Ma'am, mayroon pa po bang ibang programa o plano ang NCRPO para paigtingin ang seguridad at kapayapaan sa Metro Manila?

**PLTCOL. TECSON:** Sir, maliban sa ating mga election/campaign period, sir, ay ngayong summer vacation na rin kasi sir, kung kaya't mayroon din po talagang pagdaragdag sa ating mga personnel sa labas dahil tututukan din po nila iyong mga lugar kung saan malimit po puntahan ng ating mga kababayan. Dahil Holy Week na rin sir, hindi rin po tayo naka-focus lang sa mga parke, sa mga malls kung hindi pati iyong mga places of worship or mga churches dahil lalagyan din po natin ng ating mga personnel upang sa ganoon ay mapanatili ang katahimikan at kapayapaan ng bawat area po natin [unclear].

**AUDREY GORRICETA:** Okay. Ma'am, batid po namin na mabigat ang tungkulin ng ating kapulisan lalo na ngayong may pandemya, sabayan mo pa ng election period. Ano na lamang po ang inyong paalala sa ating mga kababayan?

**PLTCOL. TECSON:** Ang paalala po natin, Sir, sa ating mga kababayan ay maging responsable po tayo sa bawat isa. Huwag po tayong kampante, na iyong hindi po pagsusuot ng face mask or iyong hindi pagsunod sa ating minimum public [health] standard ay kumbaga, ito iyong nagpapahirap sa atin. Hindi po dapat maging rason na maging complacent po tayo dahil sa patuloy na pagbaba ng ating datos dito sa ating kinakaharap na pandemya – iyong COVID-19 po.

At siyempre po sa part naman po ng ating mga kandidato, dapat maging responsable din po sila, i-check po nila iyong kanilang mga supporters, unang-una, sila dapat iyong nangunguna na tsini-check nila iyong kung paano iyong magiging actuations ng kanilang mga kasamahan po.

At siyempre po ang ating mga kababayan ay puwede po nilang i-reach out ang ating mga kapulisan kung sakaling sila po ay mayroong napapansin na hindi maganda, kahina-hinala or maging kung ito ay ginagawa ng ating mga kasamahan ay puwede po nilang i-report ito kaagad sa ating NCRPO text hotline numbers. Kung sila po ay Smart ay puwede po nilang i-text ang number ito: 0999-901-8181 po para sa mga Smart subscribers. At para naman po, Sir, sa mga Globe subscribers ay puwede rin po nila kaming i-text dito sa numerong ito: 0915-888-8181 po.

Huwag po kayong mag-atubili, Sirs/Ma'am na mag-text po sa amin or kung hindi naman po ay personal na pumunta sa aming himpilan at kayo po ay aming ia-assist. At tayo naman po, ang gusto natin ay magkaroon po tayo ng maayos, tahimik at matiwasay na komunidad. At sabi nga po ng ating Regional Director, dapat magserbisyo po tayo nang maayos at tama at lagi po nating ilagay sa puso ang disiplina po.

**AUDREY GORRICETA:** Maraming-maraming salamat po sa inyong oras, Police Lieutenant Colonel Jenny Tecson ng National Capital Region Police Office. Mabuhay po kayo.

**PLTCOL. TECSON:** Maraming salamat po, Sir. God bless po at ingat po tayo lagi.

**AUDREY GORRICETA:** Sa iba pang balita: Nagsagawa ang Commission on Elections ng testing sa mga printed ballots kahapon. Mismong ang stakeholders ang nagpasok ng mga balota sa mga vote counting machines at tiningnan kung mababasa ba ito ng makina. Maituturing kasing depektibo ang balota kung may lumagpas na linya o 'di kaya ay may discoloration. Lahat naman ng balota na ipinasok sa VCM ay gumana.

Sa kabuuan, nasa 58 million na ang kanilang naimprenta – 39 million dito ang maituturing na good ballots habang 13 million ang sumasailalim pa sa verification at higit 6 million ang quarantined; habang nasa 105,000 ang bilang ng mga defective ballots.

Pagbabalik-sigla ng ekonomiya sa bansa, layunin ng 10-point policy na nilagdaan ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte noong Lunes. Tunghayan po natin ang detalye sa ulat na ito:

[VTR]

**AUDREY GORRICETA:** Sa punto pong ito, atin namang alamin kung may pagbabago sa daloy ng trapiko dito sa Metro Manila at pag-usapan ang mga proyekto at programa upang mapalawak ang mga pangunahing kalsada. Atin pong makakapanayam si Director Neomie Recio ng Metropolitan Manila Development Authority. Director, magandang araw po sa inyo.

**MMDA DIRECTOR RECIO:** Magandang araw Audrey at sa lahat ng ating tagapanood at tagapakinig. Good morning.

**AUDREY GORRICETA:** Opo. Director, ano po ang inyong assessment sa volume o iyong dami ng mga sasakyan ngayong buwan mula nang maibaba sa Alert Level 1 ang rehiyon?

**MMDA DIRECTOR RECIO:** Audrey, simula noong nagbaba tayo noong Alert Level 1, based doon sa volume na kinukuha parati ng MMDA, hindi pa rin tayo lumayo doon sa mga dati nating volume. Actually, hindi pa natin narating iyong pre-pandemic level especially sa EDSA. Noong pre-pandemic ang volume natin diyan, pinakamataas na nakuha namin is 405,000. Pero sa ngayon, hindi pa natin naabot iyong 405 and noong napansin namin noong tumaas iyong gasolina noong March 10, tumaas iyong gasolina, bumaba pa tayo. Actually from 396 naging 372 and kagabi lang, maghapon kahapon it's 377. So tingin ko nagkaroon din ng effect iyong mataas na presyo ng gas kaya hindi masyadong lumabas iyong mga kababayan natin.

**AUDREY GORRICETA:** Director, ano po ang mga adjustment na kinakailangang gawin upang maayos ho ang daloy ng trapiko sa ating mga pangunahing lansangan?

**MMDA DIRECTOR RECIO:** Actually, Audrey, nagkaroon kami ng Traffic Summit nitong March 17, March 22 and last day namin kahapon. And doon sa summit na iyon is represented by different stakeholders, lahat naman tayo part ng traffic 'di ba. So mayroon tayo doong mga motorcycle associations, mayroong truckers, may truck operators, sa area ng Port Area - port operators, mayroon tayong mga iba-ibang PUJ drivers and operators association and of course mayroon tayong DPWH and other government agencies like DOTr, may NCPS tayo. So, well represented iyong iba-iba nating mga stakeholders dito sa traffic.

And nagkaroon kami ng pag-uusap, kanya-kaniya kami ng ginawang topic and ang pinaplano kasi ni MMDA is sa ngayon kasi, kung ngayon natin pag-uusapan iyong sitwasyon, hindi pa natin kailangang mag-expand. Kasi ang daming nagtatanong kailangan na bang mag-expand ng number coding kasi daw traffic na. But based on our data, this is not the right time na mag-expand tayo kasi based doon sa volume and sa travel time/travel speed na nakukuha ng Traffic Engineering Center of MMDA, still manageable iyong traffic and hindi pa naman tayo dumarating doon sa pre-pandemic na sitwasyon natin.

But of course we are preparing for the coming of the new normal, kapag ang trapiko ay nag-worsen, eh anu-ano ba iyong mga measures na ginagawa natin dati? Of course iyong UVVRP (*Unified Vehicular Volume Reduction Program*) or number coding expansion, kasi sa ngayon ang number coding natin is sa hapon lang, from 5:00 P.M. to 8 P.M. So, most probably kung makita natin na may pangangailangan na based doon sa nakukuha nating datos, that's the time siguro na magdi-declare tayo na kailangan ba ito pati umaga, 7:00-9:00 or kailangan ba maghapon na tayo.

But it will depend on the data na makukuha ng MMDA. Kasi kami parati kaming scientific ang basehan namin, hindi kami basta titingin lang, kailangan kasi may figures tayo na pinag-uusapan.

And iyong truck ban natin doon sa summit namin lumabas na hindi lang kami ang may obserbasyon and may data na noong nawala iyong, ni-lift natin, noong wala tayong truck ban, mas marami ang biyahe ng mga trucks. So, ibig sabihin may mga trucks doon na dati isang

beses lang nakakabiyahe doon sa mga truck routes natin, may mga datos tayo na nakakadalawa sila. So, ibig sabihin mas dumami iyong biyahe ng truck noong pre-pandemic compared sa ngayon. Mas marami ngayon. Ibig sabihin, nakatulong tayo sa ekonomiya kasi mas dumami iyong pag-transport ng ating mga produkto. So, nagkaisa kami na mas maganda na wala munang truck ban kasi sa ngayon nga still manageable naman iyong trapik.

And of course iyong motorcycle lane napag-usapan din na since dumami iyong volume ng motorsiklo [unclear] tumaas iyan ng 48% compared noong pre-pandemic against pandemic kasi maraming bumili ng motor noong walang public transport, walang masakyan, natatakot mahawa. Marami tayong kababayan na bumili ng motorsiklo. So, tumaas iyong volume ng motorsiklo. And pinag-uusapan ngayon is ibabalik na ba iyong motorcycle lane na panghuhuli namin? Kasi noong nag-pandemic medyo nag-lie low kami kasi siyempre kokonti naman iyong sasakyan noon 'di ba nag-lockdown tayo? So, hindi kami nanghuli ng mga nagba-violate ng motorcycle lane but now na ito na nga medyo umaangat-angat na iyong trapik pinag-uusapan din namin kung ibabalik ba iyong motorcycle lane.

And of course iyong aming Task Force Special Operations. Iyon po iyong mga clearing operations na ginagawa ng MMDA lalo na ngayon si Bong Nebrija na ulit iyong head ng ating Task Force Special Operations and ang priority namin iyong mga Mabuhay Lanes. Itong Mabuhay Lanes kasi is alternate routes iyan ng EDSA so, kailangan parating clear, malinis para may option iyong mga tao natin, iyong mga kababayan natin na gumamit ng other routes aside from EDSA and of course since iyong mga provincial buses baka pumasok na ng Maynila, nililinis na rin namin iyong mga likod kasi ang ano natin is nose in, nose out if ever. So, may mga backdoors iyan. So, nililinis namin iyong mga kalsada sa mga backdoors ng mga provincial bus terminals.

And iyong kolorum. Nag-i-intensify kami ng colorum operations namin. Actually, for March 9 to 24, nakapagtimbang kami ng 16 na kolorum, 57 na out of line. Tapos siyempre iyong mga illegally parked vehicles, nakapag-impound kami ng 214 sa loob lamang ng two weeks. So, iyon iyong mga huling data na maisi-share ko sa inyo.

**AUDREY GORRICETA:** Iyon nga po ano, iyong figures ang binanggit niyo kanina ay pinagbabasehan ng MMDA sa kanilang decision-making. Mayroon na din po ba kayong datos kung mayroon po bang pagtaas ng lumalabag sa batas na mga motorista since po noong isinailalim po tayo sa Alert Level 1?

**MMDA DIRECTOR RECIO:** Iyong data namin noong Alert Level 1 compared doon noong Alert Levels 3, 2 halos parehas din iyong ating mga violators. But now since nag-intensify kami ng ating anti-colorum at saka iyong ating illegally parked vehicles, medyo tumaas pa. Sa suma namin, ang pinakamaraming violators, iyong number one natin is disregarding traffic signs. Iyong mga tumitigil, humihinto kahit saan, naglu-load, unload. Iyon iyong pinaka, based doon sa datos ng MMDA, iyon iyong pinakamarami tayong violators.

**AUDREY GORRICETA:** Director, paano naman ninyo sisiguraduhin na masu-sustain itong mga efforts ninyo sa mga susunod pang araw o buwan?

**MMDA DIRECTOR RECIO:** Actually, ganito ang ginagawa ni MMDA hindi naman kasi ganun karami iyong tao natin ano na magbabantay nang 24/7 especially iyong mga illegally parked vehicles. So, kapag ganyan before implementation nakikipag-coordinate kami sa local, sa barangay and after that na na-clear namin, tini-turn over namin sa barangay kasi higit sa lahat iyong barangay ang unang nakakakita doon sa mga areas na nasasakupan nila para sila na iyong mag-sustain, sila na iyong mag-maintain nang maiwasan iyong mga illegally parked vehicles. And ang plano nung aming bagong chairman, si Chairman Romando Artes is lagyan na rin ng mga AI CCTV cameras with AI iyong ating mga roads lalo na iyong mga Mabuhay Lanes natin aside from doon sa mga major roads natin para kahit walang nag-o-operate ay mahuhuli sila ng mga illegal parking violations.

**AUDREY GORRICETA:** Okay. Director, ano naman po iyong update para sa isasagawang two-week dry run para sa mga provincial buses sa EDSA. At ano po iyong preparasyon pa ng MMDA para rito?

**MMDA DIRECTOR RECIO:** Actually, nagsimula iyong dry run natin kagabi from 10:00 PM to 5:00 AM. Iyon iyong binigay natin na window hours sa kanila na puwedeng pumasok sa EDSA ang mga provincial buses and isang gabi pa lang iyon 'di ba, kagabi lang hanggang ngayon. Ang data namin kagabi doon sa Cubao area, iyong northbound namin is 68 ang dumaan na provincial bus. Iyong southbound is 75 for a total of 143 buses in Cubao area. In Pasay naman siyempre marami din tayong mga terminals, provincial terminals sa Pasay. Sa northbound natin there were 23 buses and sa southbound 93. So, a total of 216. So, kapag sinuma mo iyong northbound at saka southbound in Cubao area and in Pasay area, kagabi ang pumasok na buses is 359, I mean provincial buses. But since wee hours of the night iyong pasok nila hindi naman sila masyadong nakaabala sa traffic. Medyo napansin namin na iyong pinakamarami na datingan is between 4:00 AM to 5:00 AM kanina pero ganunpaman since maaga iyon, kumbaga no great impact on traffic. For the first day of implementation.

**AUDREY GORRICETA:** Okay. Director, ano pa ho iyong long-term plan ng MMDA to address iyong traffic problems natin dito sa Metro Manila?

**MMDA DIRECTOR RECIO:** Actually, there are certain factors na hindi kontrolado ng MMDA ano. Sa atin kasi ngayon, tayo ay car-oriented. Based sa specific data namin, talagang napakalaki ng porsiyento ng mga private cars. So, kailangan kasi kapag pinagbawal natin iyong paglabas nung mga private cars, kailangan mayroon silang options, ano ba iyong options? So, dapat maganda naman iyong ating public transport, efficient and sufficient. So, dapat kung may gagawin man tayo, may option naman iyong mga kababayan natin. So, iyon iyong mga kailangang mangyari. Ang pinakasimple lang na magagawa ni MMDA is iyong volume reduction program. Ano ba ito? Iyong mag-expand ng UVVRP or baka gawing odd-even, iyong mga ganyan pero iyon kasing pagbabawal sa paglabas ng private cars kailangan kasing may

maganda ring maibigay na option ang gobyerno para hindi naman kawawa at hindi magagalit iyong mga mana-number code na mga sasakyan sa araw na iyon.

And of course, papunta na tayo sa technology, may ongoing sa MMDA na mga project regarding CCTV cameras with AI para nang sa ganun hindi dumating sa punto na hindi na kailangang manghuli nang face-to-face iyong ating mga tao, camera na lang ang manghuhuli katulad sa abroad. Iyon nga iyong utos kasi nung aming chairman, ‘pag pumara ka kasi ng isang sasakyan, titingnan mo, mahina ang limang minuto mo bago ka matapos. So, within that five minutes iyong hinuhuli mo is nasa isang lane, so, may epekto sa traffic. So, parang sinasabi niya ang ating priority ngayon is magmando muna tayo ng traffic, mag-manage muna tayo, sa huli na lang iyang mga panghuhuli na iyan tutal mayroon naman na tayong mga existing cameras ngayon na nanghuhuli ng ating no contact apprehensions.

**AUDREY GORRICETA:** Okay. Director, mayroon pa rin po bang mga MMDA personnel na nai-involve sa mga kaso ng pangongotong?

**MMDA DIRECTOR RECIO:** Actually, hindi namin tinitigilan iyan. Marami pa rin kaming nahuhuli. Marami na nga kaming na-suspend, na-dismiss pero lahat ng iyan dinadaan namin sa process kasi mayroon tayong due process of law. So, iyong mga iyan dumaraan sa proseso but of course kung job order iyong nagkaproblema at napatunayan na talagang siya ay nangotong or may ginawa siyang mali, terminated agad iyan. Iyan iyong utos sa amin ng chairman namin, to get rid of those kotong personnel.

**AUDREY GORRICETA:** Ngayon po, Director, panahon ng tag-init at alam naman natin iyong inyong mga personnel eh nasa kalsada at naiinitan. Ano po bang mga pagbabagong inyong inatas para naman iyong safety rin ng kanilang kalusugan ay maging prayoridad?

**MMDA DIRECTOR RECIO:** Mayroon tayong heat stroke break. Iyan iyong taun-taon na ginagawa natin kapag dumarating itong summer time. Binibigyan natin ng 15-minute na break sa umaga, tapos sa tanghali, tapos sa hapon para medyo makapahinga naman iyong ating mga enforcers. Pero ano iyan, kumbaga, we are sure na hindi mawawalan ng tao, so by shifting din iyan, naka-arrange din iyan. Mayroon kaming mga deployment, may oras kung kailan ka puwedeng magpahinga para hindi naman mawala iyong ating mga enforcers sa ating mga main roads.

**AUDREY GORRICETA:** Director, kunin na lamang po namin ang inyong mensahe para sa ating mga kababayan lalung-lalo na sa mga motorista?

**MMDA DIRECTOR RECIO:** Of course ang kailangan talaga natin is disiplina, kasi lahat naman tayo ay parte ng traffic – all of us. Kaya nga sabi doon sa summit kahapon, hindi kaya ng gobyerno lang, kailangan ang kooperasyon ng lahat. So, kung ikaw man ay naglalakad, ikaw man ay sumasakay o may sarili kang sasakyan or ikaw man ay nasa sidewalk, nagtitinda ka ng kung ano man – lahat tayo are part of traffic. So, dapat ang pinakamaganda diyan is disiplina, disiplina is the key, para given the situation na or reoriented na nga tayo, ang daming kotse,

mas malaki na ang volume ng sasakyan natin kaysa doon sa capacity ng ating mga kalsada, kaya ganiyan ang nararanasan natin.

So, disiplina talaga ang kailangan and iyon nga, kailangan kasi well-maintained iyong sasakyan mo. Kung hindi well-maintained iyong sasakyan mo kung puwede huwag ka na agad lalabas, kasi nga kapag na-stall ka, marami kang mapiperwisyo. So dapat well-maintained parati iyong ating mga sasakyan.

**AUDREY GORRICETA:** Okay, maraming-maraming salamat po sa lahat ng impormasyon na ibinahagi ninyo sa amin ngayong umagang ito. Nakapanayam po natin si MMDA Director Neomie Recio. Stay safe po.

**MMDA DIRECTOR RECIO:** Maraming salamat.

**AUDREY GORRICETA:** Mga kababayan manatiling nakatutok sa aming programa. Magbabalik pa po ang Public Briefing #LagingHandaPH.

* * *

**AUDREY GORRICETA:** Bayan, nagbabalik ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Sa punto pong ito, ating alamin ang mga impormasyong hatid ni Dr. Aileen Cynthia de Lara, Chairperson ng Philippine Heart Association Council on Women's Heart Health tungkol sa cardiovascular diseases sa mga kababaihan. Magandang umaga po, Doc.

**PHA CHAIRPERSON DR. DE LARA:** Magandang umaga po.

**AUDREY GORRICETA:** Doc, una po nating katanungan: Ano po ang mga isinasagawa na programa para sa kalusugan ng mga kababaihan, bilang bahagi po ng National Women's Month?

**PHA CHAIRPERSON DR. DE LARA:** Opo. Kami po from the Council of Women's Health po ng Philippine Heart Association ay patuloy na nagbabahagi ng mga impormasyon po about taking care of a woman's heart.

Recently po, we have conducted *[a]* media [*briefing*], actually emphasizing the importance of a woman's cardiovascular health. Bukod rin po dito, nag-conduct din po kami ng maraming zoom webinars hindi lang po sa mga lay people, but also sa mga kapwa doktor din po namin para po mas lumawak ang kaalaman din po ng ibang doktor regarding cardiovascular health, particularly sa mga kababaihan po.

**AUDREY GORRICETA:** Doktora, may datos po ba kung ilang porsiyento ng kababaihan ang mayroong cardiovascular diseases sa bansa? At gaano po kataas ang risk ng mga kababaihang magkaroon ng ganitong uri ng sakit?

**PHA CHAIRPERSON DR. DE LARA:** Mayroon po. Actually, mayroon po kaming data na tiningnan from 1990 to 2019. So, medyo mahabang panahon po iyon and nakita po namin na actually tumataas nga po ang bilang ng mga namamatay dahil sa cardiovascular death particularly sa mga babae. Now, kung titingnan po natin iyong recent data – actually, ang mayroon po kami ay iyong 2018 at saka 2019 – makikita po na mga six (6) out of ten (10) sa mga kababaihan ay mayroong cardiovascular disease. In fact, pareho rin po ang datos noong 2019. So, around six (6) out of ten (10) 'no sa totality po ng mga kababaihan, mayroon pong cardiovascular disease.

**AUDREY GORRICETA:** Doktora, mayroon din po ba kayong datos kung ilang porsiyento ng mga kababaihan sa ating populasyon ang naging at risk sa COVID-19 dahil sa pagkakaroon ng cardiovascular complications?

**PHA CHAIRPERSON DR. DE LARA:** Wala po sa ngayon, pero mayroon pong kinu-conduct na mga different study po from different hospital para po talagang makikita sa data with regards to the effect of COVID-19 sa mga kababaihan po. Pero at the present time po, wala pa po tayong hard evidence na ito ang percentage ng mga babae na naapektuhan ng COVID-19.

**AUDREY GORRICETA:** Doktora, para sa kalinawan po ng mga kababaihan ano, maaari rin po ba ninyong ibahagi sa amin kung ano ang magiging epekto ng cardiovascular disease sa mga kababaihan na may iba pang karamdaman o kaya naman ay mga nagdadalantao?

**PHA CHAIRPERSON DR. DE LARA:** Actually po, siyempre ang cardiovascular disease, mas nakikita po namin iyan sa mga menopausal women. But, siyempre, hindi naman po natin paaabutin sa panahong iyon para gamutin ang sakit sa puso. So, actually early on, gusto po natin na bago pa magkaroon ng menopause – kasi very high risk na po ang babae, basta nag-menopause – so early on na tayo po ay sa umpisa pa lang, mag-alaga na ng ating puso.

So nagsisimula po iyan sa mga risk factors na kailangan po ma-detect natin tulad ng blood pressure, level of cholesterol, level po ng ating sugar, even ang ating timbang. So, lagi po naming ini-emphasize that cardiovascular disease actually can be prevented. So, prevention is actually better than cure. So, hangga't maaga po, dapat po hindi balewalain ng mga babae ang kanilang kalusugan. So, ibig sabihin po, maaga pa lang po, kapag mayroon silang mga nararamdaman, hindi po dapat balewalain. Hindi po dapat uunahin kaagad-agad ang ating asawa, anak, magulang. Dapat po hindi po kalimutan ang ating kalusugan as well, so lahat po dapat nagpapa-check-up. Kahit na po simpleng mga sakit sa tiyan, pananakit ng likod na puwede rin pong maging sanhi din o possible symptom ng cardiovascular disease, dapat po na napapa-check-up po iyon.

**AUDREY GORRICETA:** Doktora, ano po ba iyong mga risk factors na dapat nating bantayan upang maiwasan po iyong pagkakaroon ng ganitong klase ng sakit?

**PHA CHAIRPERSON DR. DE LARA:** Pasensiya na po, pakiulit po?

**AUDREY GORRICETA:** Okay, nagkakaroon tayo ng kaunting delay sa ating communication ano po. Paano po natin mapi-prevent, sa lalaki man o sa babae, itong mga cardiovascular diseases at ano po iyong mga risk factors na dapat nating bantayan upang maiwasan po ang pagkakaroon ng ganitong klase ng sakit?

**PHA CHAIRPERSON DR. DE LARA:** Okay, salamat po. Makikita po natin, actually may data po ang DOH, ni-rank po nila ano iyong different modifiable risk factors na nakikita that contributes to cardiovascular disease. So, iyong rank po from 1990 up to 2019 halos pareho. So, ang number one pong risk factor is high blood pressure.

So, ang number one po na risk factor is high blood pressure, pangalawa po is dietary risk, pangatlo ay sa high cholesterol, number three is high body mass index iyong paglaki po natin – obesity and of course smoking.

So, lahat po iyan dapat tinitingnan natin. So, kung high blood pressure po iwasan natin ang mga pagkain na nakakapagpataas ng blood pressure. So, importantly ang lagi po naming nasasabi is reduction of salt po and sodium sa pagkain.

Now of course choosing the healthy meal lesser fatty, lesser cholesterol diet iwasan po ang paninigarilyo at para po iwasan po ang paglaki ang obesity kailangan pong magkaroon ng mga physical activity po.

**AUDREY GORRICETA:** Okay. Mayroon po bang kaugnayan din ang stress sa cardiovascular disease?

**PHA CHAIRPERSON DR. DE LARA:** Opo. Mayroon din po iyang pag-aaral with regards to threat whether [it] is mental or emotional po. So, nakikita rin po iyan na risk factor for the development of cardiovascular disease. Although hindi po iyan nasa taas na rank ano, pero nakikita na po namin recently no.

**AUDREY GORRICETA:** Paano po iyong mataas ang presyo ng produktong mga petrolyo ngayon at iyong iba po nating kababayan ay minabuti na lang gumamit ng bisikleta sa pagpasok nila sa kanilang mga trabaho. Ito ba ay may risk sa kanilang cardiovascular system?

**PHA CHAIRPERSON DR. DE LARA:** Of course maganda po iyong way iyong pagsakay sa bisikleta lalo na it's a form of exercise actually but of course mas maganda po before doing that lalo na po kung malayo ang tatahakin, lalo na po ngayon summer time medyo mainit.

So, it can add act lalo na kung mayroon kang sakit sa puso. Kung mayroon kang risk factor for a vascular disease. So, maganda po before doing that make sure hindi po kayo high blood, you have already evidences na good ang inyong cholesterol, maganda po ang inyong sugar bago po tayo mag-jump in to that kind of activity no.

Minsan kasi, iyong pagsakay po sa bisikleta kung malapit lang po at hindi naman masyadong mainit hindi naman problema iyon but you know going to work with all the things na iisipin mo with your occupation. So, important also na dapat pong magpa-check-up muna bago po tayo mag-ganoon.

**AUDREY GORRICETA:** Okay, bilang panghuli Doktora, mayroon po ba kayong nais ibahagi sa ating mga kababayan o paalala o impormasyon sa ating mga tagapanood?

**PHA CHAIRPERSON DR. DE LARA:** Ano lang po lalo na po sa mga kababaihan no, huwag po nating kalimutan ang ating kalusugan no, as I have always said maganda po ang prevention more than cure.

So, dapat po alamin po natin ang ating mga datos. Number one, ang ating blood pressure, ang ating cholesterol, ang ating sugar make sure na gumagalaw-galaw po kayo that's one form of physical activity. So, iyon lang po salamat po.

**AUDREY GORRICETA:** Dra. Maraming salamat po sa inyong panahon at impormasyon na ibinahagi sa atin ngayong umaga. Dr. Aileen Cynthia De Lara, Chairperson ng Philippine Heart Association Council on Women's Heart Health, mabuhay po kayo.

Samantala mga pamilya sa Carcar City na hirap pa ring bumangon sanhi ng mga nagdaang kalamidad at pandemya, tinulungan ng outreach team ni Senator Bong Go, sa pamamagitan ng pag-aabot ng mga pangunahing pangangailangan at tulong pinansiyal mula sa DSWD. Ang buong detalye tunghayan po natin.

[NEWS REPORT]

**AUDREY GORRICETA:** Para sa pinakahuling pangyayari sa iba pang lalawigan sa bansa, puntahan naman natin si Czarina Lusuegro, ng PBS Radyo Pilipinas.

[NEWS REPORT]

**AUDREY GORRICETA:** Maraming salamat sa iyo Czarina Lusuegro. Re-opening ng Roxas Night Market dinarayo ngayon sa Davao City. Ganoon pa man patuloy ang paninigurado ng LGU na tutupad pa rin ng maayos ang mga health protocols at seguridad sa siyudad. Ang detalye sa ulat ni Hannah Salcedo, ng PTV Davao.

[NEWS REPORT]

**AUDREY GORRICETA:** At iyan po ang mga balita at talakayang tampok namin ngayong araw. Ang Public Briefing ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng PCOO sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Broadcaster ng Pilipinas o KBP. Sa ngalan po ni PCOO Under Secretary Rocky Ignacio, ako po si Audrey Gorriceta, magkita-kita po tayo muli bukas dito lamang sa Public Briefing Laging Handa PH.

###

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*